Republic of the Philippines
**Department of Education**

09 AUG 2018

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 129 , s. 2018

**MGA GAWAIN AT TIMPALAK SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya
At Iba pang Sakop

1. Sa Memorandum Pangkagawaran na inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon Blg. 119 serye ng 2018 hinggil sa taunang pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa** tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto sa pangunguna ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), isinasaad nito na layunin ng pagdiriwang ang mga sumusunod:

a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
b. mahikayat ang iba't ibang ahensyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
k. magganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

2. Bilang pakikilahok sa pagdiriwang na ito, hinihikayat ang lahat ng mga pampubliko at pampribadong paaralan sa bansa na magdibuho ng mga gawaing angkla sa tema ng pagdiriwang na Filipino: Wika ng Saliksik at lingguhang paksa na nakapaloob sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 119, s. 2018. Inaasahan ang pag-oorganisa ng mga panayam, presentasyon ng mga saliksik, forum, lektyur at iba pang gawain. Samantalang, nirerekomenda ang timpalak Iispel Mo! ng KWF.

3. Mahalagang nakaayon ang mga timpalak sa mga pamantayang pagganap (*performance standard*) ng kurikulum upang makita ang bisa nito. Mula sa konsultasyon sa mga panrehiyong tagamasid ng Filipino, narito ang opisyal na timpalak ng Kagawaran ng isasagawa mula sa mga paaralan, dibisyon at pangrehiyonal na programa. Samantalang, iaangkla sa timpalak ng *National Festival of Talents (NFOT)* ang pangnasyunal na timpalak nito:

| | | |
|---|---|---|
| Para sa Baitang 4 – 6 | : | Madulang Pagkukuwento |
| Para sa Baitang 6 | : | Sulat Bigkas ng Tula (SULKAS TULA) |
| Para sa Baitang 7–10 (JHS) | : | Interpretatibong Pagbasa |
| Para sa Baitang 11–12 (SHS) | : | Dagliang Talumpati |

4. Ipinapaalala rin ang isinasaad ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 25, s. 2018 hinggil sa kabuuang bilang ng klase.

5. Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Bureau of Learning Delivery-Teaching and Learning Division (BLD-TLD)**, Department of Education (DepEd) Central Office, 4th Floor Bonifacio Building, DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City sa telepono: (02) 687-2948, (02) 736-2524, (02) 637-4347 o email: bld.tld@deped.gov.ph.

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**LEONOR MAGTOLIS BRIONES**
Kalihim

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran (Blg. 119, s. 2018)
Kautusang Pangkagawaran (Blg. 25, s. 2018)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CONTEST
CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO

MCR/ DM Mga Gawain at Timpalak sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2018
0605/July 25, 2018